Ang 'Limang Mga Sola' Ng Repormasyon

❖ SOLA GRATIA (Sa Biyaya Lamang)

➢ Noong panahon ng Repormasyon, tinutulan ng mga teologong Protestante ang turo ng Romano Katoliko tungkol sa kaligtasan na pinaghalong pananalig sa biyaya ng Diyos at pagtitiwala sa merito o pagiging karapat-dapat ng gawa ng tao = biyaya + gawa. Ipinahayag nila ang kanilang pagtutol sa paniniwalang ito sa pamamagitan ng paninindigan ng *Sola Gratia*.

➢ Matapos mahulog sa kasalanan, ang kalooban ng tao ay naging liko o baluktot—ang kanyang pagpili ay lagi na lamang tungo sa masama (**Gen. 6:5**). Ito ang kalagayan ng kalooban ng tao kung saan siya ay dapat iligtas, at siya'y hindi maliligtas malibang kikilos ang biyaya ng Diyos. Kaya ang katuruan ng Sola Gratia ay nagdidiin na ang kaligtasan ng tao mula sa poot ng Diyos ay dahil sa kabutihan ng Diyos at hindi dahil sa anumang kabutihang nasa tao.

[**Thesis Three: Sola Gratia**; **Cambridge Declaration of the Alliance of Confessing Evangelicals**; ***April 20, 1996***]
" Pinaninindigan natin na sa kaligtasan, tayo ay hinango mula sa poot ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang biyaya lamang. Ito ay isang di-pangkaraniwang gawa ng Banal na Espiritu na siyang nagdala sa atin kay Kristo sa pamamagitan ng pagpapalaya sa atin mula sa pagkakabihag sa kasalanan at pagbuhay sa atin mula sa espiritwal na kamatayan tungo sa espiritwal na buhay. Tinatanggihan natin na ang kaligtasan ay isang gawa ng tao sa anumang paraan. Ang mga paraan ng tao, mga teknolohiya o estratehiya, sa kanilang sarili, ay hindi makapagsasagawa ng ganitong pagbabago. Ang pananampalataya ay hindi bunga ng ating patay na pagkataong-likas. "

I. Kawalang Pag-asa: Ang Kalagayang-likas ng Tao

1. Dahil sa kasalanan ni Adan

➢ Sa pamamagitan ng kasalanan ni Adan ay kasamang nahulog ang sangkatauhan **(Rom. 5:12, 18)**
- Ang buong sangkatauhan ay nagka-sala = naging *guilty*
- Maysala kaya hinahatulan **(Job 14:1-4)**

PUNTO: Si Adan ang tumayong kinatawan ng buong sangkatauhan. Nang siya'y nagkasala, nagkasala ang buong sangkatauhan na nanggaling sa kanya.

➢ **(Jer. 13:23)** Walang magagawa ang tao sa kanyang sarili upang baguhin ang kanyang kalagayan.

2. Likas na pagka-makasalanan

➢ Makasalanan mula sa sinapupunan **(Awit 51:5; 58:3)**
- Ang tao'y hindi makasalanan dahil siya'y nagkasala, bagkus siya'y nagkakasala dahil siya'y makasalanan.
- Likas ang pagka-makasalanan mula sa sinapupunan.
- Hindi kailangang turuang magsinungaling at gumawa ng kasamaan = natural ang kasamaan.

Implikasyon sa pagdidisiplina ng anak: Hindi *'likas na mabuti'* ang ating mga anak; maging mapagbantay–sawayin ang anumang umuusbong na pagkiling sa kasamaan habang bata.

➢ Ang makasalanang-likas ang pinagmumulan ng iba't ibang mga kasamaan **(Gen. 6:5; Mat. 15:19)**
- Dahil likas na makasalanan, nasa kaibuturan ng pagkatao ang binhi ng lahat ng uri ng kasamaan = *" mula sa puso ang masasamang pag-iisip, pagpatay…"*
- Ang panlabas/aktwal na kasamaan ay kapahayagan lamang ng panloob na kalagayang-makasalanan.

3. Walang kakayanang maligtas

➢ Ang mga larawang inilalahad sa Bibliya sa kalagayan ng tao ay mga larawan ng lubos na kawalang-kakayanan:
- ***Bulag*** — **Jn. 3:3** "*…Malibang ipanganak na muli ang isang tao, hindi niya maaaring makita ang paghahari ng Diyos. "*
- ***Hangal*** — **1 Cor. 2:14** *" Hindi tinatanggap ng likas na tao ang mga bagay na ukol sa Espiritu ng Diyos sapagkat kahangalan sa kaniya ang mga ito at hindi niya ito maaaring maunawaan…"*
- ***Bingi*** — **Jn. 8:43** *" Bakit hindi ninyo nauunawaan ang aking sinasabi? Sapagkat hindi ninyo naririnig ang aking salita. "*
- ***Imbalido*** — **Jn. 14:17** *" Siya ang Espiritu ng Katotohanan, na hindi matatanggap ng sanlibutan, sapagkat hindi Siya nito nakikita o nakikilala…"*
- ***Patay*** — **Ef. 2:1*ss*** *" Kayo noo'y mga patay sa inyong mga pagsalangsang at mga kasalanan, na dati ninyong nilakaran, ayon sa lakad ng sanlibutang ito… "*

PUNTO: Ang tao'y walang kakayanang magbalik-loob sa Diyos.

II. Tanging Pag-asa: Sola Gratia

➢ Kung paanong malinaw na inilalahad ng Bibliya ang kawalang-kakayanan ng tao para iligtas ang kanyang sarili ay malinaw ding itinuturo na ang biyaya ng Diyos ang lubos na kumikilos upang iligtas ang makasalanan.

1. Sa Paghirang

- **Ef. 2:3*ss*** *" Purihin nawa ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na siyang nagpapala sa atin kay Cristo ng bawat pagpapalang espirituwal sa sangkalangitan, ayon sa pagkapili niya sa atin sa kanya bago itinatag ang sanlibutan, upang tayo'y maging banal at walang dungis sa harapan niya sa pag-ibig. Tayo'y itinalaga sa pagkukupkop upang maging kanyang mga anak sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, ayon sa kabutihan ng kanyang kalooban, para sa ikapupuri ng kanyang maluwalhating biyaya…"*
  - Ang mga pagpapala ng biyaya ay na kay Kristo.
  - *'ayon sa pagkapili niya sa atin sa kanya bago itinatag ang sanlibutan'* = sa kawalang-hanggan ang pagpili kung kaya't ang desisyon ng paghirang ay hindi nakasalig sa anumang meron sa tao dahil wala tayo roon = biyaya.

2. Sa Kapanganakang muli

- **Jn. 3:3** *"…Malibang ang isang tao'y ipanganak na muli ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.' "*
  - Louis Berkhof, sa kahulugan ng kapanganakang-muli [*regeneration*]: *" isang gawa [ng Diyos] kung saan ang tao ay walang ambag na gawa… Ang paglikhang gawa ng Diyos ay nagbubunga ng bagong buhay, na dahil dito, ang tao, na binuhay kasama ni Kristo ay nakikibahagi sa pagkabuhay na muli at maaaring tawagin na isang bagong nilikha. "*
  - Ito'y mag-isang gawa ng Diyos.
  - Walang taong makakapagpasakop sa paghahari ng Diyos malibang maipanganak na muli.
- Taliwas sa turo ng maraming grupong *evangelicals* na ito umano ay utos na ipinagagawa sa makasalanan para ma-*'born again'*; ito'y paglalahad ng Panginoon sa kalagayan ng tao.
  - Kailangang may mangyari sa makasalanan bago siya makapagpasakop sa paghahari ng Diyos.
  - Ang Banal na Espiritu ang gumagawa nito sa makasalanan **(Jn. 3:5-8)**; hindi desisyon ng tao **(Jn. 1:13)**

PUNTO: Ang kapanganakang muli ay mag-isang gawa ng Diyos — walang anumang ambag na gawa ang tao.

3. Sa Pagbuhay sa mga Patay

- **Ef. 2:1-10** *" Kayo noo'y mga patay sa inyong mga pagsalangsang at mga kasalanan…Ngunit ang Diyos, palibhasa'y mayaman sa awa, dahil sa kanyang malaking pag-ibig sa atin… maging noong tayo'y mga patay sa pamamagitan ng ating mga pagsuway, binuhay niya tayo kay Cristo---sa pamamagitan ng biyaya kayo'y naligtas… "*
  - Kalagayang-patay sa kasalanan: nasa ilalim ng kapangyarihan ng dyablo, sumusunod sa lakad ng sanlibutan, palasuway, makamundo at tinutukoy ng poot ng Diyos = hindi karapat-dapat sa anumang kabutihan; sa halip ay dapat parusahan
  - Subalit dahil sa mayamang awa at dakilang pag-ibig, nagligtas ang Diyos.
  - *'binuhay Niya tayo kay Kristo'* = kalakip ni Kristo sa kamatayan at pagkabuhay na muli. Dahil sa merito ng ginawa ni Kristo ay naipagkaloob sa mga hinirang ang pagpapala ng buhay.

PUNTO: Ang pagbuhay sa patay ay mag-isang gawa ng Diyos—walang anumang maiaambag na gawa ang patay.

III. Ang Ebanghelyo ng Biyaya ng Diyos

- **2 Tim. 1:8-10** *" Huwag mong ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginoon, ni sa akin na bilanggo niya, kundi makipagtiis ka alang-alang sa ebanghelyo ayon sa kapangyarihan ng Diyos, na siyang sa atin ay nagligtas at sa atin ay tumawag ng isang banal na pagtawag, hindi ayon sa ating mga gawa, kundi ayon sa kanyang sariling layunin at biyaya. Ang biyayang ito ay ibinigay sa atin kay Cristo Jesus bago pa nagsimula ang mga panahon, subalit ngayon ay nahayag sa pamamagitan ng pagpapakita ng ating Tagapagligtas na si Cristo Jesus, na siyang nag-alis ng kamatayan, at nagdala sa buhay at sa kawalan ng kamatayan tungo sa liwanag sa pamamagitan ng ebanghelyo. "*
- Natipon sa mga talatang ito ang mga turo ng Bibliya kung bakit sa biyaya ang kaligtasan:

  1. **Diyos ang nagligtas** *" ayon sa kapangyarihan ng Diyos, na siyang sa atin ay nagligtas "*
  2. **Diyos ang tumawag** *" sa atin ay tumawag ng isang banal na pagtawag "*
  3. **Hindi ayon sa mga gawa** *" hindi ayon sa ating mga gawa "*
  4. **Sa Kanyang layunin** *" kundi ayon sa kanyang sariling layunin "*
  5. **Sa Kanyang kalooban** " *at [sariling]biyaya "* (*cf* **Ef. 1:5**)
  6. **Kaloob, hindi bayad** *" ibinigay sa atin "*
  7. **Diyos ang naglakip kay Kristo** *" kay Cristo Jesus "*
  8. **Mula sa walang-hanggan** *" bago pa nagsimula ang mga panahon "*
  9. **Sa pagbibigay ng Kanyang Anak** *" sa pamamagitan ng pagpapakita ng ating Tagapagligtas na si Cristo Jesus "*
  10. **Sa gawa ng Kanyang Anak** *" si Cristo Jesus, na siyang nag-alis ng kamatayan, at nagdala sa buhay at sa kawalan ng kamatayan tungo sa liwanag sa pamamagitan ng ebanghelyo "*

PUNTO: Sa lahat ng yugto ng kaligtasan, lahat ay biyaya ng Diyos.

HAMON: Sa gitna ng karaniwang pagtuturing sa biyaya ng Diyos at sa harap ng mga kalituhan ukol dito, ipanindigan natin na ang kaligtasan ay SOLA GRATIA *" para sa ikapupuri ng kanyang maluwalhating biyaya!"*